

May kamalayan sa baha? Maging handa!

Kumuha ng higit pang detalye tungkol sa pagbaha sa *kingcounty.gov/floodservices*

BAGO BUMAHA

- Alamin ang inyong panganib sa baha.** Suriin kung ang iyong ari-arian ay nasa lugar ng pagbaha sa kingcounty.gov/FEMaMap. Kung kailangan mo ng tulong, o gusto mo ng impormasyon tungkol sa mga sertipiko ng elevation, tumawag sa **206-477-4812**.
- Bumili ng seguro para sa baha.** Ang karaniwang seguro sa ari-arian ay hindi sumasaklaw sa pagkawala dulot ng pagbaha, at maaaring magkaroon ng 30-araw na paghihintay para sa mga bagong patakaran sa seguro laban sa baha. Matutuo nang higit pa sa *floodsmart.gov* o tumawag sa **877-336-2627**.

HABANG BUMABAHA

- Bumalik, huwag malunod.** Huwag magmaneho o maglakad sa mga lugar na binabaha.
- Suriin ang mga kondisyon sa app ng Babala sa Baha (Flood Warning) o tawagan ang Sentro ng Babala sa Baha ng King County.

PAGKATAPOS BUMAHA

- Huwag pumasok sa iyong gusali hangga't hindi ligtas na gawin ito.** Ipasuri sa isang propesyonal ang iyong mga utilidad bago gamitin ang mga ito.

TUMULONG NA BAWASAN ANG PINSALA SA BAH

Anumang pagpapaunlad sa lugar na binabaha ay nangangailangan ng permiso. Ang bagong konstruksyon, pagkukumpuni ng gusali, pagdaragdag, paghuhukay, pagpapatag, pagtatapon, o anumang pagbabago sa iyong ari-arian ay kailangang may permiso at sumunod sa mga pamantayan ng mga regulasyon sa pamamahala ng lugar na binabaha sa inyong komunidad. Anumang pagkukumpuni o pagsasaayos ng mga gusali sa lugar na binabaha na lampas sa 50 porsyento ng kanilang halaga ay kinakailangang nakataas o hindi maaabot ng baha.

Sinisiguro ng responsableng pagpapatayo na ang mga tao at mga gusali ay mas ligtas mula sa pagbaha. Ginagawa ng mga regulasyon sa pamamahala ng bahana hindi gaanong mapanganib ang ating mga lugar na madaling bahainpara sa lahat ng nakatira at nagtatrabaho doon sa pamamagitan ngpagbawas sa epekto ng bawat pag-unlad ng iba pang mga ari-arian.

Bago magsimula ng proyekto, makipag-ugnayan sa ahensiyang nagbibigay ng permiso sa inyong lugar o sa King County Department of Local Services, Permitting Division sa **206-296-6600** o pumunta sa kingcounty.gov/permits.

 Naka-print sa niresiklong papel. Mangyaring i-resiklo. *Pangkalahatan*

- Protektahan ang iyong sarili at ang iyong pamilya.**
 - I-update ang iyong plano sa emerhensiya at kit.
 - Alamin kung kailan dapat lumikas at magpraktis ng iyong ruta patungo sa mataas na lugar.
 - Pumili ng kaibigan o kamag-anak sa labas ng estado na matatawagan nang may impormasyon kung abala ang mga lokal na linya.
- Protektahan ang iyong ari-arian at mga alagang hayop mula sa mga panganib ng baha.**
 - Ilipat ang mga sasakyan, kagamitan, at mga hayop/alagang hayop sa mas mataas na lugar.
 - I-angkla ng propane at mga tangke ng gasolina. I-imbak ang mga kemikal at mahahalagang bagay sa itaas ng antas ng baha.
 - Ikabit ang mga check valve sa mga sewer trap ng gusali upang maiwasan ang pagpasok ng baha sa mga kanal.

- Sundin ang mga ulat ng panahon at makinig para sa mga posibleng utos sa paglikas.
- Kung hindi ka ligtas na makaalis tumawag sa 911 para sa tulong.** Lumipat sa pinakamataas na palapag gamit ang iyong mobile phone at isang flashlight.
- Gumamit ng mga sako buhanginn upang protektahan ang iyong ari-arian (tingnan ang mapa para sa mga libreng lokasyon ng pamamahagi).
- Kung ang tubig-baha ay papalapit sa iyong gusali, patayin ang mga utilidad sa pangunahing pinagmumulan kung ito ay ligtas na gawin ito.

- Sundin ang mga pamamaraan para sa ligtas na paglilinis ng iyong gusali, pagkain, suplay ng tubig. Matuto ng higit pa sa kingcounty.gov/PrepareForFlooding.
- Idokumento ang mga pinsala sa iyo.** Kuhanan ng litrato ang pinsala at itala ang mga gastos sa pagkukumpuni. Makipag-ugnayan sa ahente ng iyong seguro para sa paghahabol sa pinsala ng baha.
- Markahan ang mataas na antas** ng tubig sa iyong gusali.

LISTAHAN NG MGA KAILANGAN SA EMERHENSIYA

Higit pa sa: ready.gov/kit

- De-baterya o crank-operated na radyo at ekstrang mga baterya
- Mga suplay sa first aid at pito
- Flashlight na may ekstrang mga baterya
- Mga kopya ng mahahalagang dokumento sa isang plastik na bag (lisensya sa pagmamaneho, seguro at impormasyon sa bangko, sa impormasyon sa pakikipag-ugnayan)
- Tubig at hindi napapanis na pagkain na sapat para sa ilang araw sa iyong pamilya at mga hayop
- Damit na pampainit, matitibay na sapatos/bota, at mga kumot
- Mga suplay para sa personal na kalinisan at sanitasyon
- Mga iniresetang gamot
- Mga bagay na magbibigay ng kaginhawahan sa mga bata (kumot, mga libro, mga laruan)
- Cell phone na may kasamang mga charger at backup na baterya

GAWIN MO ANG IYONG BAHAGI!

Protektahan ang mga natural na lugar na binabaha.

Natural at malusog na mga lugar na binabaha pinapabagal ang daloy ng tubig at tumutulong sa pag-iimbak ng tubig mula sa baha, na nagpapababa ng panganib ng baha bukod sa iba pang mga benepisyo.


Huwag magtapon ng basura sa mga daluyan ng tubig;itapon ang basura at dumi ng hayop sa mga basurahan; at walisin ang mga bangketa. kanal, daanan ng sasakyan, at iba pang sementadong lugar. Ang mga malilinis na storm drain ay nakakatulong na panatiliing malinis ang ating mga ilog at sapa para sa inumin, mga hayop sa kagubatan, at libangan.

MAGPAREHISTRO PARA SA MGA ALERTO SA BAH

Mag-sign up para sa mga libreng alerto sa baha upang makatanggap ng maagang babala. Maaari mong piling tumanggap ng mga alerto sa pamamagitan ng **telepono, text message, o email**.

kingcounty.gov/flood

I-INSTALL ANG APP!

 Ang aming na-update na app ay nagbibigay-daan sa iyo upang subaybayan ang real-time na data ng gauge, mga yugto ng baha, at mga pagtataya.

- Mas maaasahang teknolohiya:** Kumuha ng pag-access sa impormasyon kung kailan mo ito kailangan.
- Interaktibo na mga grap:** Suriin ang mga datos ng baha upang malaman ang tungkol sa lokal na kondisyon.
- Mga karagdagang wika:** Tingnan ang impormasyong isinalin ng Google Translate.



516 Third Ave. Room 1200 • Seattle WA 98104
kingcountyfloodcontrol.org

PRSR STD
U.S. POSTAGE
PAID
SEATTLE WA
PERMIT NO. 6013

2024-2025

MAGING HANDA SA BAH

ANG GABAY MO SA PAGHAHANDA SA BAH SA KING COUNTY

 *Humusta!*
Natanggap mo ang polyetong ito dahil ang iyong ari-arian ay nasa o malapit sa isang lugar na binabaha at nasa panganib ng pagbaha.

MAPA NG MGA ILOG SA KING COUNTY ➔



Ang Lower Russell Levee Satback Project ay nagpapakita ng aming pinagsamang diskarte sa pamamahala ng lugar na binabaha; pinoprotektahan ng proyekto ang kaligtasan ng publiko habang pinapabuti ang aquatic at riparian habitat at nagbibigay ng mga pagkakataon sa libangan at bukas na espasyo.

PROTEKTAHAN ANG MGA TAO AT MAKINABANG SA ATING EKONOMIYA, KAPALIGIRAN, AT KOMUNIDAD

Habang umuunlad ang ating mga komunidad, gayon din dapat ang ating diskarte sa pamamahala ng baha. Ang King County Flood Control District (Ang Distrito) ay nangunguna sa ebolusyong ito. Inilalagay namin ang mga tao sa gitna ng aming mga pagsusumikap na makamit ang aming pananaw sa pagbuo ng hinaharap na makatiis sa mga panganib sa baha kung saan ang umuunlad na mga komunidad ng King County at malusog na ekosistema ay magkakasamang nabubuhay nang naaayon sa mga ilog sa lugar.

Ang Distrito ay nagpapatupad ng mga bagong diskarte sa pagpapalano ng imprastraktura sa pamamagitan ng pinagsamang pamamahala sa lugar na binabaha. Ngunit ano ang ibig sabihin nito?

Pinahuhusay ng pinagsamang pamamahala ng lugar na binabaha ang katatagan ng lugar na binabaha upang protektahan ang mga komunidad at ekosistema, na iginagalang ang mga karapatn sa kasunduang Pantribu at mga mapagkukunang pangkultura. Sinusuportahan nito ang mga panrehiyong halaga tulad ng agrikultura, malinis na tubig, isang masiglang ekonomiya, pagbawi ng salmon at orca, at panlabas na libangan. Nakatuon ang Distrito sa mga proyektong may maraming benepisyo na nagbabawas sa mga panganib sa pagbaha, nagtitiyak ng kaligtasan ng publiko, at nagpapanumbalik ng mga ekosistema ng ilog nang patas. Kabilang dito ang mas malawak na pakikipag-ugnayan mula sa mga interesadong partido upang magpatupad ng mas malawak na mga aksyon sa paglipas ng panahon.

Ang bagong diskarte na ito ay ipinakita noong Abril 2024 nang ang Distrito ay naglabas ng panghuling Programmatic Environmental Impact Statement (Programatikong Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran o PEIS) para sa Lower Green River Corridor. Sa Programmatic Environmental Impact Statement (Programatikong Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran o PEIS), tatlong paraan sa pamamahala ng panganib sa baha sa tabi ng ilog ang na-explore na lahat ay lubos na makakabawas sa panganib ng baha sa Lower Green River Corridor habang nagbibigay din ng iba pang mahahalagang benepisyo sa komunidad tulad ng pinahusay na tirahan, karagdagang mga pagkakataon sa libangan at bukas na espasyo, at pag-unlad ng ekonomiya. Ang proseso ay nagsasangkot ng matatag na partisipasyon mula sa mga Tribu, lokal na hurisdiksyon, ahensya, interesadong partido, at miyembro ng publiko.

Bilang bahagi ng pagsisikap sa pakikipag-ugnayan, ang Distrito ay nagtrabaho kasama ang mga pinagkakatiwalaang mga navigator ng komunidad na may lokal na kaalaman at relasyon sa kultura at wika. Ang kanilang mahalagang gawain ay nakakuha ng mahigit 2,250 komento ng komunidad, sa anim na wika, sa panahon ng proseso ng pagsusuri para sa draft naProgrammatic Environmental Impact Statement (Programatikong Pahayag sa Epekto sa Kapaligiran o PEIS).

Sa pamamagitan ng pag-uuna sa mga tao at pagsasama-sama ng pamamahala sa lugar na binabaha sa mga benepisyon pangkapaligiran at komunidad, binibigyan natin ng daan ang isang mas ligtas at mas matatag na King County. Ipagpapatuloy namin ang aming diskarte na nakasentro sa komunidad upang matiyak na ang aming mga pagsusumikap sa pagbawas sa panganib sa baha ay nakakatugon sa mga pangangailangan, halaga, at priyoridad ng aming pinaglingkuran.

Magkasama, tayo ay nagtatayo ng isang hinaharap na ligtas sa baha kung saan ang umuunlad na mga komunidad ng King County at malusog na ekosistema ay magkakasamang nabubuhay nang naaayon sa ating mga ilog.

MGA ALERTO SA TELEPONO, TEXT MESSAGE, O EMAIL

Mag-sign up para sa mga libreng awtomatikong alerto sa baha. Maaari mong i-personalize ang iyong mga alerto ayon sa yugto ng ilog at baha.

BAGONG APP SA BABALA SA BAH

Subaybayan ang real-time na data ng gauge, mga yugto ng baha, at mga pagtataya. Ang na-update na mga tampok ng app:

- Mas maaasahang teknolohiya
- Interaktibo na mga grap
- Mga karagdagang wika



Bisitahin
kingcounty.gov/flood
or tawagan ang
206-477-4899

MANATILING MAY ALAM

Mabilis na nagbabago ang mga kondisyon ng baha. Manatiling may alam para magkaroon ka ng oras para kumilos at panatiliing ligtas ka at ang iyong pamilya.

MGA SISTEMA NG ILOG SA KING COUNTY



...

Bisitahin ang Aming Bagong Blog!
kingcountyfloodcontrol.org/district-news

MANATILING MAY ALAM

X

@KCFloodDistrict
@KCDNRP

IG

@KingCountyDNRP

f

@KCFloodDistrict
@KingCountyDNRP

KARAGDAGANG MAPAGKUKUNAN

- Para Malaman kung Nasa Lugar na Binabaha ang Iyong Ari-arian**
kingcounty.gov/FEMAMap o tumawag sa 206-477-4812
- Paano Maghahanda para sa Baha** kingcounty.gov/floodservices
- Alerto sa Emerhensiya ng King County** kingcounty.gov/alert
- Blog ng Balitang Pang-emehensiya ng King County** kcemergency.com
- Alerto ng Baha sa King County** 206-477-4899 • kingcounty.gov/flood
- Sentro ng Babala sa Baha ng King County**
206-296-8200 o 800-945-9263
- Programa sa Pagkukumpuni ng Pabahay sa King County**
Pagpopondo sa mga malaking kinakailangang pagkukumpuni ng pabahay sa mga karapat-dapat na may-ari ng bahay na may maliit na kita.
206-263-9095 • kingcounty.gov/housingrepair
- King County Road 24/7 Helpline** 206-477-8100
- Alerto sa Emerhensiya ng King County** kingcounty.gov/roadalert
- Mga Pagkaantala sa Metro Transit** kingcounty.gov/metro
- Pambansang Programa ng Seguro sa Pagbaha**
877-336-2627 • floodsmart.gov
- Pampublikong Kalusugan ng Seattle & King County Mga Problema sa Septik Tank at Balon** 206-477-8050
- KING COUNTY FLOOD CONTROL DISTRICT**
- King County**
Department of Natural Resources and Parks
Water and Land Resources Division

Ang impormasyong nakapaloob sa mapang ito ay inipon ng King County mula sa iba't ibang sanggunian at maaaring magbago nang walang paabiso. Walang kinakatawan o ginagarantiya, inihayag o ipinahiwatig, sa katumpakan, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon, o mga karapatan sa paggamit ng naturang impormasyon ang King County at ang Distrito ng Pagkontrol sa Pagbaha ng King County. Hindi inilaan ang dokumentong ito para gamitin bilang isang produkto ng surbey. Hindi mananatag ang King County at ang Distrito sa anumang pangkalahatan, espesyal, hindi direkta, hindi sinasadya, o nagresultang pinsala kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, mga nawalang kita o nawalang tubo na nagresulta mula sa paggamit o maling paggamit ng impormasyong nilalaman ng mapang ito. Ipinagbabawal ang anumang pagbebenta ng mapa na ito o impormasyon sa mapang ito maliban kung may nakasulat na permiso ng King County.

MAGSIPAG PARA SA ATING MGA KOMUNIDAD

Kumikilos ang King County Flood Control District upang protektahan ang buhay at ari-arian mula sa pagbaha habang isinusulong ang katarungan at panlipunang hustisiya, napapanatiling kabuhatan, proteksyon sa tirahan, pagbawi ng salmon, libangan, at matatag na komunidad.

370+

NA MGA PROYEKTO NAKUMPLETO

para i-upgrade ang mga levee at revetment (matibay na baybayin)

PAGPAPALAKAD AT PAGPAPANATILI NG

500+

kritikal na mga pasilidad sa proteksyon sa baha sa buong bansa

118 +

800

LINEAR NA MILYA ng mga tabing ilog

EKTARYA ng lupa na **PINATUBAY MULA SA PAGBAHA**

MGA YUGTO NG PAGBAHA

- 1

Maghanda

Karaniwang walang nangyayaring pagbaha. Nakaalerto ang kawani ng King County.
- 2

Maliit

Posible ang pagguho, pagkasira ng baha, at pagsasara ng kalsada sa ilang lokasyon. Bukas ang Sentro ng Babala sa Baha ng King County. Available ang mga kawani 24 oras sa isang araw para tumulong.
- 3

Katamtamang Pagbaha

Maaaring may maganap na pagbaha na may iba't ibang lalim. Posible ang maramihang pagsasara ng kalsada kabilang ang mga pangunahing kalsada. Bibisitahin ng mga kawani ng Flood Patrol ang malimit bahaing lugar at susuriin ang mga istruktura ng pagkontrol sa baha.
- 4

Malubha

Malawakang pagbaha na may kasamang mabilis na paggalaw ng tubig. Malawakang pagsasara ng mga kalsada sa buong lambak ng ilog. Mananatiling bukas ang Sentro ng Babala sa Baha. Dadalasan ng Flood Patrol ang dalas ng mga inspeksyon.

Bisitahin ang kingcounty.gov/flood para sa detalyadong kondisyon ng mga kalagayan sa bawat yugto ng pagbaha para sa South Fork Skykomish, Tolt, Snoqualmie, Cedar, Green, at White rivers at Issaquah Creek.

Para sa mga isinaling brosyur na Maging Handa sa Baha, mangyaring pumunta sa kingcounty.gov/prepareforflooding. Ang mga karagdagang pagsasalin at naka-print na isinalin na brosyur ay makukuha kapag hiniling nang walang bayad sa iyo. Mangyaring makipag-ugnayan sa amin sa 206-477-4812.

Para obtener los folletos traducidos de Be Flood Ready, visite kingcounty.gov/prepareforflooding. Si lo pide, hay traducciones adicionales y folletos traducidos impresos sin costo alguno para usted; comuníquese con nosotros al 206-477-4812.

Để nhận bản dịch tờ gấp Sân Sàng Ứng Phó Với Ngập Lụt, vui lòng truy cập kingcounty.gov/prepareforflooding. Chúng tôi cung cấp miễn phí các bản dịch khác và bản cứng tờ gấp đã dịch theo yêu cầu cho quý vị. Vui lòng liên hệ với chúng tôi theo số 206-477-4812.

번역된 홍수 대비 브로셔는 웹사이트 kingcounty.gov/prepareforflooding 를 참조하세요. 추가 번역 및 인쇄된 번역 브로셔가 필요하면 요청 시 무료로 드립니다. 206-477-4812로 문의하세요.

如需「Be Flood Ready (做好防洪準備)」手冊的翻譯版本，請造訪 kingcounty.gov/prepareforflooding 如果您需要額外的翻譯版本和紙質翻譯版手冊，請致電 206-477-4812 聯絡我們，我們將免費為您提供

Si aad u hesho buug-yaraha u diyaarsanoow daadka fadlan booqo kingcounty.gov/prepareforflooding. Turjumaada dheeraadka ah iyo buug-yaraha la daabacay ayaad ku heli kartaa si bilaash ah markaad adiga codsato, fadlan nagala soo xiriir 206-477-4812.

Переведенные брошюры Be Flood Ready (Подготовка к наводнению) можно найти на странице kingcounty.gov/prepareforflooding. Чтобы бесплатно запросить перевод на другие языки или печатный экземпляр переведенной брошюры, звоните на номер 206-477-4812.